Payag

Gloc-9

Laging tanong sa akin ng iba
Bakit ka ba naniniwala sa kanya?
Di ko alam, ganun lang talaga
Kung bakit, bakit pumapayag ako

Matatamis na mga salita
Parang latik na di niluto sa gata
Kilala mo pero ibang mukha
Bakit? Bakit pumapayag ako?

Halina sa lugar na kung saan
masaya ang lahat ng mga kawatan
At kahit di totoo ang kanyang sinasabi,
lagi siyang pinakikinggan

Walang pakialam sa salitang ilan,
kahit gaano kamahal ang pinagbilhan
At kahit na dinoktor ang lahat ng detalye,
lagi siyang napagbibigyan

Yan ang tanong sa akin ng iba
Bakit ka ba naniniwala sa kanya?
Di ko alam, ganun lang talaga
Bakit? Bakit pumapayag ako?

Matatamis na mga salita
Parang latik na di niluto sa gata
Kilala mo pero ibang mukha
Bakit? Bakit pumapayag ako?

Sa mga kasinungalingan mo
Kahit sinabi mong ika'y magbabago
Yan lang ang pinanghahawakan ko
Bakit? Bakit pumapayag ako?

Nasan na ang mga pangako mo?
Parang bula, bigla na lang naglalaho
Minsa'y parang kasalanan ko
Dahil, dahil pumapayag ako
Dahil pumapayag ako

Oras na para gumising ka
Ba't di mo subukang buksan ang iyong mga mata?
Kung ayaw nilang tumalon, ba't di ka mauna?
Sige, subukan mo lang na walang kakaba-kaba

Kung ito ang simula ng wikas
Isa-isa mong burahin ang mga bakas
Bago pa matuyo ang lahat ng katas
At tuluyang mabaliko ang lahat ng batas sa Pinas (sa Pinas)

Ano ang iyong pananaw sa lahat ng mga nangyayari sa Mindanao?
Kapit lang, kapatid, 'wag kang bibitaw
Hanggang sa apat-naput-apat na beses lumitaw
Ang katotohanan, wag labanan, tinabunan, ipaglaban
Kaawaan ang ating bayan nang malaman natin ang sagot sa

Laging tanong sa akin ng iba
Bakit ka ba naniniwala sa kanya?
Di ko alam, ganun lang talaga
Bakit? Bakit pumapayag ako?

Matatamis na mga salita
Parang latik na di niluto sa gata
Kilala mo pero ibang mukha
Bakit? Bakit pumapayag ako?
Bakit pumapayag ako?
Bakit pumapayag ako?

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!